Mensahe Anim

# Ang Intrinsikong Kahulugan ng Aklat ng Mga Hukom
# at
# ang Apostasiya ng Israel sa Pagsamba sa Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Huk. 1:1; 2:1; 17:1-5; 18:1, 30-31; 2 Tes. 2:2-3; 2 Ped. 1:3-21; 2:1, 15

**I. Kailangan nating malaman ang intrinsikong kahulugan ng aklat ng Mga Hukom:**

A. Ang pagsangguni ng Israel kay Jehovah sa Mga Hukom 1:1-20 ay naglalarawan ng magandang tagpo ng pagtitiwala ng Israel sa Diyos; ang kamangha-manghang larawang ito ng kaisahan sa Panginoon, paunang inilalarawan ang organikong pakikipag-isa ng Diyos sa Kanyang bayan, ay isang pagpapatuloy ng kaisahan sa aklat ng Josue nang unang pumasok ang bayan ng Israel sa mabuting lupain gaya ng inilarawan sa Josue 6—Bil. 27:21; 1 Sam. 22:10; 23:9-10; 2 Sam. 2:1.

B. Ayon sa buong saklaw ng Lumang Tipan, pinakasalan ng Diyos ang Israel sa Bundok Sinai—Exo. 20:6, talababa 2:

1. Sa Kanyang konsepto at kanaisan, ninais ng Diyos na maging Asawang Lalaki sa Israel, at ninais Niya ang Israel na maging asawang babae sa Kanya, namumuhay sa pinakamatalik na pakikipag-ugnay sa Kanya sa kahanga-hangang kaisahan sa pag-aasawa na ito.
2. Sa pagsusulat ng mga aklat ng kasaysayan, inilagay ni Samuel ang Mga Hukom pagkatapos ng Josue upang ipakita sa atin ang uri ng buhay na ipinamuhay ng Israel tungo sa kanyang Asawang Lalaki.
3. Gaya ng ipinahayag sa Mga Hukom, ang Israel ay walang puso na maging asawang babae ni Jehovah; sa halip, tinalikuran niya ang Diyos bilang kanyang Asawang Lalaki at naghabol sa ibang mga diyos at sinamba ang mga ito—2:11-13, 17; 3:7; 8:33; 10:6; cf. Jer. 11:13; Ezek. 16:25-26; Oseas 1:2; 2:2.

C. Pagkatapos ng salaysay ng Juda at ni Caleb sa Mga Hukom 1:1-20, ang kasaysayan ng Israel gaya ng naitala sa aklat na ito ay puno ng kabulukan at kasamaan ng isang patutot:

1. Samantalang ang Josue ay aklat ng kasaysayan ng Israel na puno ng mga kahanga-hangang tagumpay laban sa mga naninirahan sa Canaan sa presensya ni Jehovah, ang Mga Hukom ay aklat ng kasaysayan ng Israel na puno ng miserableng pagkatalo sa ilalim ng kanilang mga kaaway sa pagtalikod kay Jehovah.
2. Ito ang intrinsikong kahulugan ng aklat ng Mga Hukom.

D. Ang nilalaman ng Mga Hukom ay binubuo ng pagtitiwala ng mga anak ni Israel sa Diyos, pagtalikod sa Diyos, pagiging nadaig ng kanilang mga kaaway, pagsisisi sa Diyos sa kanilang paghihirap, pagiging nailigtas sa pamamagitan ng mga hukom, at muli, pagiging napasamâ; ito ay naging isang siklo na pitong beses naulit sa Mga Hukom—1:1-2; 2:11—3:11.

**II. Nagpapahayag ang Mga Hukom 2:1 hinggil sa Anghel ni Jehovah—5:23; Bil. 22:22:**

A. Ang Anghel ni Jehovah ay ang Diyos Mismo sa Kanyang Dibinong Trinidad na naglilingkod sa Kanyang hinirang bilang isang Lingkod—cf. Heb. 1:14.

B. Ang pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos ay si Kristo, at si Kristo ang Anghel ni Jehovah, na nangalaga sa Israel bilang si Jehovah na kumikilos sa Lumang Tipan—Exo. 3:2, talababa 1.

C. Ang maging Anghel ni Jehovah si Kristo ay nangangahulugan na itinakda at inatasan ng Diyos ang Kanyang sarili sa Kanyang Dibinong Trinidad na kumilos sa pangangalaga para sa Kanyang bayan.

D. Dahil hindi gumawi ang Israel bilang isang wastong asawang babae, ang mismong Jehovah na siyang Asawang Lalaki, ang Ulo, at ang Hari ng Israel ay naging isang Lingkod sa Kanyang asawang babae:

1. Si Jehovah ay dumating sa kanya hindi bilang Asawang Lalaki, Ulo, o Hari kundi bilang ang Anghel ni Jehovah, na isinugo ni Jehovah—Zac. 2:9-11.
2. Yamang hindi itinuring ng Israel si Jehovah bilang ang Ulo, Siya ay naging isang Lingkod upang pagsilbihan siya; ang Kanyang salita sa Mga Hukom 2:1-3 ay hindi isang pagsaway o isang utos kundi isang pagpapaalala ng isang lingkod.

**III. Inihahayag ng Mga Hukom 17 at 18 ang apostasiya ng Israel sa pagsamba sa Diyos:**

A. Ang apostasiya ay nangangahulugang lisanin ang daan ng Diyos at kunin ang ibang daan upang sundin ang mga bagay na liban sa Diyos, at ito ay ang gumawa ng mga bagay para sa sarili sa ilalim ng pangalan ni Hesu-Kristo at sa ilalim ng pagkukubli ng pagsamba sa Diyos—Gawa 9:2; 18:26; 2 Ped. 2:2, 15, 21; Judas 11; Huk. 18:30-31.

B. “Ang lalaking si Micaias ay mayroong isang bahay ng mga diyos; at siya'y gumawa ng isang efod at terafim at itinalaga ang isa sa kanyang mga anak upang maging kanyang saserdote”—17:5:

1. Ang bahay ni Micaias bilang isang bahay ng mga diyos, kalakip ang mga diyos-diyosan nito (bilang mga panghalili kay Kristo), ang efod nito (kumakatawan sa awtoridad ng Diyos), at ang mga upahang saserdote nito (kumakatawan sa sistemang klero at pangkaraniwan, bb. 7-13), ay naglalarawan sa sitwasyon ng pagtalikod na nauugnay sa pagsamba sa Diyos sa gitna ng mga Kristiyano ngayon.
2. Ang ina ni Micaias ay naghandog ng ilang bagay sa Diyos, subalit ang kanyang paghahandog ay nahaluan ng lebadura ng idolatriya (bb. 1-4); ang parehong paghahalo at sitwasyon ng pagtalikod ay umiiral sa Kristiyanidad.
3. Maaari nating iaplay ang larawan ng “bahay ng mga diyos” (b. 5) ni Micaias sa sitwasyon ng Kristiyanidad.
4. Ang Kritiyanidad ngayon ay mayroong maraming “bahay ni Micaias”; ang Relihiyong Romano Katoliko, ang mga pang-estadong “ekklesia”, ang mga denominasyon, at marami sa mga independiyenteng grupo ay “mga bahay ni Micaias,” puno ng mga diyos-diyosan bilang mga panghalili kay Kristo.

C. “Itinayo ng mga anak ni Dan para sa kanilang sarili ang larawang inanyuan,”at kanilang “itinayo ang larawang inanyuan na ginawa ni Micaias sa buong panahon na ang bahay ng Diyos ay nasa Shilo.”—18:30-31:

1. Ang apostasiya kay Dan ay ang pagtatatag ng isang mapagbaha-bahaging sentro ng pagsamba—17:9-10; 18:27-31; 1 Hari 12:26-31.
2. Si Dan ay nakipagbaka na gaya ng isang batang leon upang matamo ang higit pang lupain (sumasagisag kay Kristo), subalit pagkatapos maging matagumpay at magwagi, siya ay naging palalo, indibidwalistiko, at mapagsarili—Deut. 33:22; Jos. 19:47; Huk. 18:27-31.
3. Sinanhi ng natamo ng mga Danita na sila ay maging palalo at mapagsarili, walang naising magpasakop sa kung ano ang itinalaga ng Panginoon—bb. 1-31; Deut. 12:5, 8:

    a. Dahil naging matagumpay si Dan, siya ay naging palalo at indibidwalistiko; pinangalagaan lamang niya ang kanyang sarili, hindi ang iba—33:22; Huk. 18:27-31.
    b. Ang pinagmulan ng apostasiya ni Dan ay ang hindi pangangalaga sa ibang mga lipi; ang hindi pangangalaga sa ibang sangkap ng Katawan ay ang pinagmumulan ng apostasiya.
4. Sa buong kasaysayan ng Israel ay wala nang mas makasalanan o mas nakasisira sa bayan ng Diyos kaysa sa apostasiya ni Dan sa pagtatatag ng isang mapagbaha-bahaging sentro ng pagsamba—Gen. 49:16-18; Deut. 33:22; Huk. 18:1, 30-31.
5. Bawat mapagbaha-bahaging sentro ay itinatag para sa pansariling interes ng isang tao; ang gayong pagsasagawa ay nagsasanhi hindi lamang ng pagkakabaha-bahagi kundi ng pakikipagpaligsahan din—bb. 1, 13-31; Gen. 49:16-18; Deut. 33:22:
    a. Ang tabernakulo ay nasa Shilo, at ang inanyuang larawan ay nasa Dan—Jos. 18:1.
    b. "Kanilang itinayo ang larawang inanyuan…sa buong panahon na ang bahay ng Diyos ay nasa Shilo"—Huk. 18:31; 1 Sam. 1:3.
6. Sa kasaysayan ng Kristiyanidad ay nagkaroon ng maraming "Dan," na walang naising magpasakop sa iba kundi magtatag ng ibang sentro ng pagsamba—Huk. 18:1, 13-31.
7. Ang pinakamabuting paraan upang maingatan mula sa pagkatisod tungo sa apostasiya ay ang pangalagaan ang buong Katawan at ang natatanging patotoo ng Panginoon sa loob ng iisang gawain ng Panginoon—1 Cor. 10:17; 12:12, 27.

D. Mayroong isang matinding propesiya sa Biblia na bago ang muling pagbabalik ng Panginoon ay magkakaroon ng isang dakilang apostasiya sa gitna ng Kanyang bayan—2 Tes. 2:3:
1. Ang araw ng pagdating ng Panginoon ay hindi darating maliban na dumating muna ang apostasiya—bb. 2-3.
2. Ang apostasiyang ito ay magiging isang paglayo mula sa tuwid na daan ng ekonomiya ng Diyos gaya ng inihayag sa mga Kasulatan—1 Tim. 1:4; Efe. 1:10; 3:9.
3. Kahit ngayon ay mayroong pagkiling sa gitna ng ilang mga Kristiyano na lisanin ang tuwid na daan ng Bagong Tipan—2 Ped. 2:15.

E. Ang kaligiran at kabigatan ng 2 Pedro ay apostasiya—isang pagtalikod mula sa wastong landas ng katotohanan ng Diyos—2:1:
1. Ginambala ng apostasiya ang mga mananampalataya mula sa ekonomiya ng Diyos sa pamamagitan ng pagdadala sa kanila sa pantaong lohika ng mga nakatutulirong pilosopiya—Col. 2:8.
2. Ang mga pagtuturo ng mga tumalikod mula sa wastong pananampalataya ay hindi nagdala sa mga mananamplataya na makibahagi sa puno ng buhay, na nagbibigay ng buhay, kundi ang makilahok sa puno ng kaalaman, na nagdadala ng kamatayan—Gen. 2:9, 16-17; 2 Cor. 11:2-3, 12-15.
3. Ang mga panlunas na ginamit ni Pedro sa pagtutuos sa apostasiya ay ang probisyon ng buhay at ang pahayag ng katotohanan—2 Ped. 1:3-21:
    a. Sa mga bersikulo 3 hanggang 11 ay ginamit ni Pedro ang probisyon ng dibinong buhay para sa wastong buhay-Kristiyano upang mabakunahan laban sa apostasiya.
    b. Sa mga bersikulo 12 hanggang 21 ay ginamit niya ang pahayag ng dibinong katotohanan upang magbakuna laban sa erehiya na nasa apostasiya—2:1, talababa 3.

4. Dahil ang Kristiyanidad ngayon ay puno ng apostasiya, kailangan ng Panginoon ng isang pagbabawi—ang pagbabawi ng buhay at katotohanan—Juan 1:4; 8:12; 10:10b; 14:6; Apoc. 2:4, 15.

F. Ngayon, sa panahon ng apostasiya, kailangan nating patotohanan ang buong pahayag ng dalisay na Salita ng Diyos at makipagbaka para sa mas malalalim na katotohanang inihayag sa Salita ng Diyos, kabilang ang:

1. Ang pahayag hinggil sa walang hanggang ekonomiya ng Diyos—Efe. 1:10; 3:9.
2. Ang pahayag hinggil sa Dibinong Trinidad—2 Cor. 13:14; Apoc. 1:4-5.
3. Ang pahayag hinggil sa persona at gawain ng nagpapaloob ng lahat na Kristo—Col. 2:9, 16-17; 3:11.
4. Ang pahayag hinggil sa napasukdol na Espiritung nagbibigay-buhay—Juan 7:39; 1 Cor. 15:45b; Apoc. 22:17.
5. Ang pahayag hinggil sa walang hanggang buhay ng Diyos—Juan 3:15-16.
6. Ang pahayag hinggil sa Katawan ni Kristo, na siyang ekklesia ng Diyos—Efe. 1:22-23; 1 Cor. 12:12-13, 27; 10:32.

*© 2021 Living Stream Ministry*